

**Taunang Pabatid sa Pahayag Tungkol sa Kawalan ng Itinatangi
at Kontra Panggugulo**

Ang Departamento ng Edukasyon sa Estado ng Hawaii (Hawaii State Department of Education) o (Ang Departamento) ay walang itinatangi batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, ninuno, kasarian, pinili na kasarian, pagpapahiwatig ng kasarian, edad, kapansanan, at relihiyon. Sinasaklaw ng rekisitonang ito ang lahat na programa at aktibidad ng Departamento, kasama na rito ang mga gawain at pagtanggap (admissions) kung naaangkop. Kung nahihirapan kang umintindi ng wikang Ingles, may karapatan kang humingi ng tulong sa lengguwahe na wala kang babayaran. Sumangguni sa punong-guro ng inyong paaralan para sa karagdagang impormasyon.

Para sa mga mataas na paaralan na nasa ilalim ng Departamento na nag-aalok ng mga Programa ng Pag-aaral sa Edukasyong Pangkarera at Teknikal (Career and Technical Education [CTE] Programs of Study) sa larang ng arte at komunikasyon, negosyo, mga serbisyo sa kalusugan, teknolohiyang pang-industriya at pang-inhinyerya, para sa likas na yaman, at mga serbisyo para sa publiko at tao, ay walang itinatakdang mga kriterya sa pagtanggap ng mga gustong kumuha nito. Gagawin din ng mga mataas na paaralan na nasa ilalim ng Departamento ang lahat na kanilang makakaya upang ang kawalan ng lubos na kakayahan sa wikang Ingles ay di magiging hadlang upang matanggap at makisali sa mga programa ng CTE at ibibigay din sa kanila ang pantay na karapatan na makilahok sa mga nahirang na grupo ng mga kabataan.

Dagdag nito, hindi pinapayagan ng Departamento ang mga gawaing panggugulo batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, ninuno, kasarian, pinili na kasarian, pagpapahiwatig ng kasarian, edad, kapansanan, at relihiyon. Ang sinumang mag-aaral na naniniwalang siya ay ginugulo batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, ninuno, kasarian, pinili na kasarian, pagpapahiwatig ng kasarian, edad, kapansanan, at relihiyon, ay hinihikayat na isumbong nito ang ganyang panggugulo. Maaaring isumbong ng mga mag-aaral at mga magulang ang mga gawaing pagtatangi at panggugulo sa administrador ng paaralan o sa Sangay Para sa Pagpapatupad ng mga Karapatan Bilang Tao (Civil Rights Compliance Branch) ng Departamento sa adres na nakalista sa baba.

Ipinangangako ng Departamento ang agarang pagsusuri. Ang suporta, kasama na ang pagpapayo at mga tulong pang-edukasyonal, ay maibibigay sa mga mag-aaral na biktima ng panggugulo at pati na rin sa mga mag-aaral na matuklasan na gumawa ng mga panggugulo batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, ninuno, kasarian, pinili na kasarian, pagpapahiwatig ng kasarian, edad, kapansanan, at relihiyon. Ang mga mag-aaral na matuklasang gumawa ng panggugulo ay maaaring madisiplinahan, hanggang sa o kasama na rito ang pagsususpende o pagpapaalis sa paaralan, kung kinakailangan. Ang mga mag-aaral, mga magulang, at mga empleyado ng Departamento ay kailangang magtulongan upang matigil ang panggugulo batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, ninuno, kasarian, pinili na kasarian, pagpapahiwatig ng kasarian, edad, kapansanan, at relihiyon.

Hindi pinapayagan ng Departamento ang gantihan dahil sa pagbibigay-alam ng pagtatangi at/o panggugulo batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, ninuno, kasarian, pinili na kasarian, pagpapahiwatig ng kasarian, edad, kapansanan, at relihiyon, at gagawin nito ang lahat upang maipagtanggol ang mga magnanais na magbigay-alam ng panggugulo.

Lahat ng mga katanungan sa mga patakaran ng Departamento tungkol sa kawalan ng itinatangi ay ipadala sa:

Sangay Para sa Pagpapatupad ng mga Karapatan Bilang Tao (Civil Rights Compliance Branch) Departamento ng Edukasyon sa Estado ng Hawaii (Hawaii State Department of Education) P.O. Box 2360 Honolulu, Hawaii 96804 (808) 784-6325 o relay (para sa may kapansanan sa pagdinig o pananalita) CRCB@k12.hi.us	Beth Schimmelfennig, Direktor Rhonda Wong, Pagpapatupad Aaron Oandasan, Pamagat VI Toby Yamashiro, Pamagat VII Nicole Isa-Iijima, Pamagat IX Krysti Sukita, Batas Tungkol sa mga Amerikanong May Kapansanan (Americans with Disabilities Act) ADA/504
--	---

Ang mga katanungan tungkol sa pagtatangi at/o panggugulo ay maaari ring isangguni sa Tanggapan Para sa Pagpapatupad ng mga Karapatan Bilang Tao, Departamento ng Edukasyon sa Estados Unidos (Office for Civil Rights, United States Department of Education).